# NARITO ANG 10 MAHALAGANG DAPAT MALAMAN TUNGKOL SA PROGRAMA NG FOOD STAMP

**Dapat Malaman:** Na hindi programa ng kawanggawa ang Programa ng Food Stamp. Ito'y Tinatawag na program tulong pangnutrisyon na ginagawa para makatulong sa isang tao o sa isang pamilyang maliit ang kinikita. Tinutulungan silang makabili ng mga masustansiyang pagkain.

**Dapat Malaman:** Na programa ng karapatan ang Programa ng Food Stamp. Ang ibig sabihin nito'y makakakuha ng food stamps yung nag-aplay na nakikitang may karapatan tumanggap nito.

**Dapat Malaman:** Na para sa nararapat lamang tumanggap ang food stamps. Gaya ng isang taong may karapatan o kaya'y ang buong pamilya. Gayundin ang isang matanda na may kapansanan, ang isang kasambahay na may trabaho o ang isang dayuhan na legal at ang mga anak nitong ipinanganak sa Amerika.

**Dapat Malaman:** Na kahit na mayroong bahay ang isang tao, maaari pa rin itong makakahuha ng food stamps. Huwag isiping hindi makakatanggap ng food stamps kung may bahay at lote. Hindi dahilan ito.

**Dapat Malaman:** Na noong taong 2000, may matatandang namumuhay nang mag-isa ang nabigyan nito na nagkakahalaga ng $43 isang buwan; at $118 isang buwan sa matatandang may kasama sa bahay.

**Dapat Malaman:** Na kung hindi makakapunta sa opisina ng food stamp ang isang matanda o ang isang may kapansanan, pwede na lang itong magpa-interview sa telepono. O kaya'y magpatulong sa isang kamag-anak, pastor, kapitbahay at iba pa, na siyang pupunta sa opisina at makikipag-usap sa mag-iinterview. Makakapag-aplay rin ng food stamp sa Opisina ng Social Security ang mga nag-aplay at mga tumatangap ng SSI (Supplemental Security Income).

**Dapat Malaman:** Na pwedeng ibawas sa total na kita ng pamilya ang mga gastos sa pagpapagamot, na sobra sa halagang $35 isang buwan. Pero hindi ito pwedeng gawin kung binayaran ng kompanya ng seguro o kung ginastusan ng ibang tao.

**Dapat Malaman:** Na pwedeng mag-aplay ang isang matanda na, kung hindi sosobra sa $3000 ang pinagkukunan ng solong panggastos. At hindi sosobra sa $2000 para sa ibang nag-aaplay.

**Dapat Malaman:** Na pwede pa ring makakuha ng food stamp ang isang pamilya o buong kasambahay kahit na tumatanggap na ng Pagkaing Inihahatid sa Tumatanggap Nito (Meals-on-Wheels), Espesyal na Tulong Nutrisyon Programa sa Kababaihan, Mga Sanggol at mga Bata (Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children - WIC) na benepisyo nutrisyon sa bata na benepisyo gaya ng Programang Pagpapakain sa Paaralan (School Lunch Program).

**Dapat Malaman:** Na hindi itinuturing na umaasa sa gobyerno o pabigat sa bayan ang isang pamilyang nakakatanggap ng benepisyo sa Programa ng Food Stamp, kahit na may kasama sa pamilyang ito na dayuhang legal pa lamang (at hindi pa mamamayan ng Estados Unidos).

***Dahil sa Food Stamps, Umuunlad na bansa ang Amerika.***

*Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos (United States Department of Agriculture – USDA) ay may pantay na opurtunidad para sa pagbibigay at pag-eempleyo.*